# Pagkakakilanlan ng Ari-arian

Ang pagmarka at pagtala ng iyong mga ari-arian ay makakatulong upang hadlangan ang pagnanakaw at magpapatunay din na pag-aari mo ang mga mamahaling bagay. Sa pamamagitan ng pagmarka at pagtala ng iyong mga ari-arian, matutulungan mo rin ang mga pulis sa pagkilala at pagbabalik ng ninakaw na ari-arian sa tunay na nagmamay-ari nito.



**Kung may kasalukuyang krimen na nangya-yari, tawagan ang Tripleng Zero (000).**

**Kung hindi naman, isaisip ang Policelink 131 444**
**o mag-report online**
**o sa pamamagitan ng Policelink app.**

**Hanapin kami sa**

**www.police.qld.gov.au**

Para sa mga balita at mga abiso mag-sign up (sumali) sa **myPolice.qld.gov.au**

**/queenslandpolice**

**@qldpolice**

**@qldpolice**

Lisensya ng URL: http://creativecommons.org/licenses/by/4.0/legalcode
Mangyaring magbigay ng atribusyon sa: © Estado ng Queensland (Serbisyo ng Pulisya ng Queensland) 2019

## Ano ang magagawa mo

Ang mga magnanakaw ay karaniwang nagnanakaw ng mga mamahaling bagay na madaling ipagpalit sa pera. Pag-isipan ang mga hakbang na ito upang protektahan ang iyong ari-arian at mga mamahaling bagay:

- Pag-isipang ukitan ang iyong mga ari-arian, gayunpaman humingi ng payo bago gamitin ang pang-ukit dahil hindi lahat ng mga bagay ay angkop ukitan.
- Pag-isipang markahan ang iyong ari-arian ng natatanging personal code sa kanang sulok sa itaas nito o malapit sa serial number ng nagmanupaktura.
- Gumamit ng mga istiker ng babala sa pagkakakilanlan (ID) sa personal na mga ari-arian, mga bintana at mga pinto upang hadlangan ang mga posibleng mangjihimasok. May makukuhang mga istiker ng ID mula sa Neighborhood Watch Group sa inyong lugar.
- Magtabi ng mga rekord ng litrato ng iyong mga ari-arian na hindi maaaring ukitan tulad ng mga alahas, sining, mga makokolekta, mga kagamitang pilak at mga koleksyong selyo at coin. Tabihan ng ruler o kahon ng posporo ang ang bagay na kukunan ng litrato upang maipakita kung gaano ito kalaki.
- Magtabi ng listahan ng lahat ng serial number, mga numero ng modelo at mga partikular na feature ng iyong personal na mga ari-arian kasama ang personal na listahan ng imbentaryo at itabi ang listahan at anumang mga sertipiko ng tinasang halaga sa isang ligtas na lugar sakaling magkaroon ng anumang mga claim sa seguro (insurance claims).
- Pag-isipang ibigay ang iyong mga detalye at mga personal code sa pulisya sa inyong lugar.

## Mga ari-arian na dapat mong tukuyin

**Sa loob ng iyong bahay**

• Mga telebisyon • Mga kagamitang audio at isteryo •Mga kompyuter/laptop/printer • Mga kamera • Mga kagamitan sa musika • Mga microwave • Mga kagamitan sa kusina • Mga gamit pang-isport• Mga muwebles • Mga orasan

**Sa labas ng iyong bahay**

• Mga bisikleta • Mga power tool • Mga trailer • Mga gamit sa paghahardin • Mga panghinang • Mga tool box • Mga panggapas ng damo (lawn mower)/mga panggupit sa mga gilid ng hardin (garden edge trimmer) • Mga chainsaw

**Sa iyong sasakyan**

• Sistema ng isteryo • Mga ispiker (speakers) • Mga aparatong pang-navigate • Mga tool/mga tool box • Mga mag wheel (mga gulong na magnesiyo)

**Sa iyong lupain/rural na ari-arian**

• Mga traktora • Mga sinasakyang panggapas (ride-on mower) • Mga panghinang • Mga panglaslas (slashers) • Mga sasakyan ng kabayo (horse floats) • Mga bomba ng tubig • Mga umiikot na pamungkal (rotary hoes) • Mga istakang kaing (stock crate)

QUEENSLAND POLICE
WITH HONOUR WE SERVE

AUDAX AT FIDELIS
**Queensland**
Government